

Paano Gagamitan ng Spacer (isang tubo na ikakabit) at Maskara ang Iyong Inhalador

Palaging gamitan ng spacer ang iyong inhalador.


- Ang spacer ay tumutulong na ihatid ang gamot sa iyong mga baga sa halip na mapunta ito sa bahaging likod ng iyong lalamunan.
- Ang mga batang paslit at sanggol ay dapat gumamit ng spacer at maskara at sundin ang mga sumusunod na hakbang:



may spacer



walang spacer



1. Ihanda ang Gamot

- Alugin ang inhalador nang 8-10 beses.
- Tanggalin ang mga takip ng inhalador at spacer.
- Ikabit ang inhalador sa spacer.

2. Ihanda ang Iyong Anak

- Patayuin o paupuin nang tuwid ang iyong anak.
- Sabihin sa iyong anak na huminga palabas upang bakantehin ang mga baga kung nakakaya niyang gawin ito.



3. Ilagay ang Gamot sa Spacer

- Ilagay ang maskara sa ilong at bibig ng iyong anak, iwasan ang mga mata.
- Idiin pababa nang minsan ang inhalador.



4. Ipasok ang Gamot sa Mga Baga

- Sabihan ang iyong anak na huminga nang marahan at malalim. Gawin ninyong dalawa ito na parang isang laro.
- Kailangang dahan-dahan na magbilang hanggang 10-20 ang magulang, o tingnan ang bata upang makatiyak na naka-inhale o nakalanghap na siya nang 5 beses, at pagkatapos, hubarin na ang mask.
- Maghintay nang 1 minuto bago ang ikalawang pagdiin, kung kinakailangan.
- Pagkatapos ng panghuling dosis, sabihan ang iyong anak na banlawan niya ang kanyang bibig nang tubig at idura ito.
- Takpan muli ang inhalador at spacer.